

# ELEVATOR ACTION

VLADIMEIR GONZALES

(adaptasyon ng The Dumb Waiter ni Harold Pinter)

**Philippine Humanities Review**
Volume 14 Number 2, April 2012, pp. 76 - 116
ISSN-0031-7802
© 2012 University of the Philippines

*Tagpo: kamukha ng orihinal na dula, sa isang basement na may dalawang kamang nakasandal sa may pader. Sa gitna ay may serving hatch na nakasara ang pinto. May pinto papunta sa kusina't banyo sa kaliwa, isang pinto rin sa kanan para sa di alam na lagusan. Sa halos tapat ng kamang nasa kanan ay may naka-setup na maliit na telebisyon at Family Computer.*

Maririnig ang tunog ng videogame na "Elevator Action" bago magliwanag sa entablado. Sa pagliwanag, makikita si BEN na nasa kaliwa, nagbabasa ng diyaryo. Si GUS naman ay nakaupo sa dulo ng kama, naglalaro ng Family Computer. Magkahawig ang kanilang damit, pero si Ben ay may isang religious item na suot (crucifix o scapular). Ilang segundong hindi magpapansinan ang dalawa.

Titigil sa paglalaro si Gus at akmang papatayin o ipo-pause ang laro. Aayusin niya ang tali ng kaniyang sapatos na parang nahihirapan, maiirita si Ben sa gaslaw ng kilos ni Gus. Sa umpisa'y ang kaliwa, pinapanood naman siya nang bahagya ni Ben habang ginagawa niya ito. Aalisin ni Gus ang sapatos at may makukuha siyang napiping kahon ng posporo, magkakatinginan sila ni Ben bago ibulsa ang posporo. Uulitin ni Gus ang parehong kilos sa kanang sapatos at may makukuha naman siyang napiping kaha ng sigarilyo. Magkakatinginan uli sila ni Ben bago ibulsa ang kaha ng sigarilyo. Pupunta sa kaliwa si Gus, papunta sa banyo. May mababasa si Ben at mapapahampas siya ng diyaryo at titingin sa direksiyon ni Gus. May maririnig na tunog ng di-gumaganang flush. Saglit na katahimikan.

Lalabas muli si Gus na napapakamot ng ulo, sa may tapat ng pintuan sa kaliwa't malapit kay Ben. Ibababang muli ni Ben ang diyaryo.

BEN: Ay susmaryosep.

*Babasahin uli ang diyaryo.*

Pambihira. Tingnan mo 'to—isang matandang bakla na dating sex slave nung panahon ng Hapon, tumawid sa may kalye sa Intramuros at nasagasaan ng isang malaking grupo ng mga siklista!

GUS: Hindi nga? Matandang bakla?
BEN: na dating comfort gay sa gera.
GUS: Nabangga ng mga nagbibisikleta sa Intramuros?
BEN: E ayun ang sabi dito e.

GUS: Ay, andaming cycling shorts nun a.
BEN: Isang pulutong ng mga lalakeng naka-cycling shorts.
GUS: At sakto sa matandang dating comfort gay.
BEN: Saktong-sakto sa pagtawid. Sabi dito sa diyaryo e.
GUS: Grabe, pagkakataon nga naman.
BEN: Akalain mo yun.
GUS: Pambihira.

*Katahimikan. Iiling-iling si Gus bago lumabas uli ng entablado. Magbabasa uli si Ben. Tutunog uli ang flush at maririnig muli na di ito gumagana nang maayos. May mababasang artikulo si Ben at magre-react siya rito (magsasabi ng "tsk tsk tsk" o bubuntung-hininga o matatapik ang noo). Papasok uli si Gus.*

May gusto pala akong itanong.

BEN: Teka, bakit andito ka na agad?
GUS: Ha, e ano, aano pa lang...
BEN: Yung tsaa natin?
GUS: Ayun, gagawin ko pa lang.
BEN: E di siya, hala, gawin mo na.
GUS: Sige sige, teka lang.

*Uupo uli si Gus sa dulo ng kama, sa tapat ng telebisyon. Titingnan-tingnan niya ang game cartridges na parang di naman sinusuri nang maigi ang mga ito, mas naghahanap lang ng ginagawa habang nakikipag-usap sa kasama.*

Alam mo Ben, maganda yung dining set na nakuha niya para sa atin, etong andito ngayon. May pagka-stripe ba. Puting guhit-guhit.

*Magbabasa lang si Ben.*

Ang ganda. Ayos din.

*Magbabasa pa rin si Ben.*

Parang ano, yung puti ay nasa nguso nung mga tasa, tapos itim na lahat. Yung platito, puro itim, puwera sa gitna. Parang dun sa parteng uupuan ng puwet nung tasa, ayun, kulay puti yun.

*Magbabasa pa rin si Ben.*

Tapos yung mga plato ay pare-pareho, pero sila naman ay may itim na guhit sa gitna. At saka may isang naiiba, yung disenyo niya ay mga superhero, pero isa lang saka may pingas na. Katuwa rin yung platong yun.

BEN: (nagbabasa pa rin) Bakit ka pa kasi naghahanap ng mga plato e hindi ka naman kakain. Kakain ka ba?
GUS: May dala akong otap.
BEN: Ayan, kainin mo na't nang tumahi-tahimik dito.
GUS: Alam mo, lagi akong nagbabaon ng otap, basta matamis, o cake. Hirap magtsaa ng walang itutulak.
BEN: O siya siya, gawin mo na nga yung tsaa natin. Umaandar ang oras ha.

*Ilalabas ni Gus ang kaha ng sigarilyo.*

GUS: May yosi ka pa? Naubusan na ako e.

*Ihahagis niya pataas ang kaha at sasaluhin.*

Sana mas mabilis matapos itong assignment ngayon ano?

*Aasintahin ang ilalim ng kama at ihahagis doon ang kaha ng sigarilyo.*

Nga pala, may gusto sana akong itanong sa iyo.

BEN: (ihahampas ang diyaryo) Josko naman!
GUS: Ano yun?
BEN: May batang nagsubo ng superlolo sa isang aso, sabog ang nguso!
GUS: Hindi nga?
BEN: Nakasulat nga dito o. Susmaryosep naman. Walong taong bata, pinalunok ng superlolo ang aso. Sabog!
GUS: Aba, aba, gagong bata yan a!
BEN: Babae daw yung nagpasabog.
GUS: Aba, aba, gagang bata yun a! Buhay ba daw yung aso?
BEN: Teka, sabi dito, ayun, bale dinala sa ospital, tapos ano, maraming dugo raw ang nawala, German Shepherd...

*Hahanapin ang detalye sa diyaryo.*

Ay walang sinabi kung namatay e.

GUS: Pambihira naman, bakit di nilagay?
BEN: Teka teka, sabi dito, bale ang sabi lang e yung kuya ng bata—onse anyos naman ito, siya yung nakakita nug nangyari. Nagtatago siya sa mga tanim ng santan.
GUS: Santan? Pambihira. Tapos ano?
BEN: Ay, grabe, ang labo naman nun.

*Katahimikan.*

GUS: Tingin ko siya talaga ang dumale sa aso.
BEN: Sino?
GUS: Yung kuya.
BEN: Palagay ko rin.

*Katahimikan.*

*(Ibababa ang diyaryo) Tingnan mo nga naman. Onse anyos na bata ha, papatay ng aso, pagkatapos ay ibibintang ang krimen sa bata niyang kapatid! Susmaryosep, Josko naman, kung ako lang yan e, naku!*

*Kukunin ang diyaryo. Tatayo si Gus.*

GUS: Anong oras kaya siya magpaparamdam?

*Magbabasa si Ben.*

Kailan siya kokontak kaya?

BEN: Ano ka ba Gus? Alam mo namang paiba-iba ng sked yun. Ngayon, mayamaya, bukas, kahit anong oras pwede.
GUS: (Lalapit sa may kama ni Ben) May gusto sana akong itanong.
BEN: Ano nga?
GUS: Napansin mo bang may diperensya yung tanke?
BEN: Tanke?
GUS: Sa banyo, yung flush.

BEN: Nagfa-flush nga ba?
GUS: Di nga e.
BEN: O, e ano naman ang problema mo dun?
GUS: Ayun nga e, tingin mo anong problema nun?
BEN: Wala.
GUS: Wala?
BEN: Naputol lang yung titi ng flush.
GUS: Yung titi ng ano?
BEN: titi ng flush, yung plastik na nakatayo malapit dun sa ballcock ng tanke.
GUS: Yung ballcock? Tingin mo yun yun?
BEN: Tingin ko, kung ako ang titingin nun.
GUS: Ayos a, di ko naisip yun. Yung titi ng ballcock...

*Lalakad-lakad si Gus papunta sa kaniyang kama. Aayusin ang kutson ng kama.*

*Di ako masyadong nakatulog pala, ikaw ba? Di naman kasi masyadong okey itong kama. Kung may dagdag na kumot din mas ayos. Uy, ano 'to? (titingin sa larawan sa may pader). FIFTEEN MASTERS. Natingnan mo na ba 'to?*

BEN: (nagbabasa) ang alin.
GUS: Itong Fifteen Masters.
BEN: Masters ng ano?
GUS: (nakatingin sa larawan) Walang nakalagay e.
BEN: May balak ka pa bang gawin ang tsaa natin?
GUS: Parang sa mga laro dun sa Family Computer ano? Lahat may big boss.

*Lalakad-lakad si Gus sa paligid.*

Ayokong tumira dito. Kung may bintana pa sana, papasa pa 'to.
Sarap din ng may masisilip sa labas.

BEN: Bakit ka pa kasi naghahanap ng masisilipan?
GUS: Wala naman, gusto ko lang na siguradong may labas pa na masisilip. Pampalipas-oras din.

*Lalakad-lakad pa rin.*

Kasi naman, babiyahe tayo nang wala pang araw, papasok tayo sa

kuwartong di pa natin napupuntahan kahit kailan, tetengga ka buong araw, gagawin ang assignment, tapos aalis pag madilim na uli.

*Katahimikan.*

Sarap lang din sanang pumasyal-pasyal sa paligid bago tayo umalis. Di natin nagagawa yun sa ganitong klaseng trabaho.

BEN: May rest period naman tayo a.
GUS: E ano ba naman yung dalawang linggo?
BEN: (ibababa ang diyaryo) Susmaryosep, napakarami mo namang reklamo. Buti nga tayo minsan kada isang linggo lang trumabaho. Yung iba nine to five, umo-overtime pa na walang bayad. Yung iba walang kahit na anong trabaho. Ano pa ba'ng gusto mo?
GUS: Ayun, minsan nga lang, pero dapat andito lang hanggang may kumontak. Bawal umalis kasi maghihintay ng tawag.
BEN: Alam ko na kung ano ang problema mo.
GUS: Ano yun?
BEN: Wala kang pinagkakalibangan sa buhay.
GUS: Hindi a, meron kaya.
BEN: Sige nga, anu-ano ang mga ginagawa mo pag wala tayong trabaho?
GUS: Ayan o, Family Computer.
BEN: Nilalaro mo lang yang lumang computer na yan dahil walang choice. Sige, ano pa?
GUS: Ano, basta, may hobbies din ako ano.
BEN: Basta ako, ako maraming libangan.
GUS: Talaga? Tulad ng ano?
BEN: Kumakanta ako sa simbahan. Nangongolekta ako ng mga lumang alkansiya. Nagja-jogging ako, minsan nagda-dance classes. Laging nagpapaka-busy, para sulit ang oras. Kaya di ko kailangang mag-abang sa tawag, at pag andiyan na ang assignment, lagi akong handa.
GUS: Di ka ba nagsasawa kahit kaunti?
BEN: Nagsasawa saan?

*Katahimikan. Magbabasa si Ben. Kakapain naman ni Gus ang jacket na nakasabit sa kama niya.*

GUS: May yosi ka pa? Naubusan na ako e.

*Maririnig ang flush.*

Ayos, pag multo ang tumatae ay gumagana ang flush, pag tunay na tao, wala.

*Mauupo sa kama si Gus.*

Ako kasi, ayos naman. Halimbawa ngayon, gusto ko naman yung dining set natin. Maganda siya. Pero yun na yun. Parang papanget nang papanget yung mga tinutuluyan natin kasi. Natatandaan mo yung last time? Saan nga ba yun? Basta, di masyadong maganda doon pero at least may Internet. Ngayon, ewan ko, para kasing di na niya iniisip kung maginhawa ba o hindi ang tutuluyan natin, basta magawa yung trabaho.

BEN: Baka lang hindi ka naabutan ng memo ha, pero hindi naman tayo required mag-usap. Lalo na pag nagbabasa ako.
GUS: Ewan ko ha, akin lang 'to, pero parang rarayumahin ka naman pag nagtagal ka pa sa lugar na 'to.
BEN: Wag kang mag-alala, malapit na tayo. Tatrabaho na tayo mayamaya.

*Kukunin ni Gus ang isang bag sa may kama niya, huhugot ng pakete ng tsaa, pagmamasdan niya ito.*

GUS: Nga pala, may gusto sana akong itanong sa iyo.
BEN: Jusko naman, ano na naman yan?
GUS: Bakit pala ihininto mo yung sasakyan natin kaninang madaling-araw, dun sa may tulay?
BEN: (ibababa ang diyaryo) ayos ka rin ano, kung makahilik ka akala mo payapang-payapa e gising ka naman pala.
GUS: Tulog naman talaga ako, kaya lang nagising pagkahinto ng kotse, huminto ka di ba?

*Katahimikan.*

Doon nga sa may tulay. Natatandaan mo? Sumilip ako sa labas, mausok, daming fog. Akala ko nung una'y iidlip ka din muna, pero nakaupo ka lang at nakatulala. Parang may inaabangan ka.

BEN: Wala, wala akong inaabangan.
GUS: Nakatulog na rin yata uli ako pagkatapos, ewan ko. Ano nga pala ang nangyari dun? Bakit ka napahinto?
BEN: (magbabasa) masyado tayong maaga.
GUS: Maaga para saan?

*Katahimikan.*

Ibig sabihin inantay pa nating may umalis dito bago tayo makapasok?

*Aamoy-amuyin ni Gus ang kubrekama at mga punda.*

Sabi ko na, medyo parang madungis na itong kubrekama. Parang, parang medyo amoy anghit pa nga e. Pagod lang nung nahiga kaya di ko na napansin kanina. Ayoko pa man din ng nakikihiga sa kamang hindi malinis. Di ba dati naman, kahit ano pa ang puntahan natin ay di tayo napupunta sa mga lugar na may kubrekamang gamit na? Ngayon lang yata nangyari ito.

BEN: Paano ka naman nakasigurong hindi malinis ang kama natin?
GUS: Ano'ng ibig mong sabihin?
BEN: Paano ka nakasigurong hindi yan malinis bago tayo nakahiga, e halos buong araw ka nang nagkandagulong-gulong diyan?
GUS: Ay, tingin mo, yung anghit na naaamoy ko e galing sa akin? (aamuyin ang sarili at ang kama) Pwede, pwede rin naman. Pwedeng sariling pawis ko yung naaamoy ko, hirap ding tantiyahin kasi di ko kayang amuyin kung mabaho ba talaga ako. Sanay na ba.
BEN: Josko.
GUS: Ben?
BEN: Ano na naman?
GUS: Nasaan nga uli tayo? Nakalimutan ko yung sinagot mo nung nagtanong ako kagabi.
BEN: Sa Bulacan.
GUS: A talaga? Saang Bulacan uli?
BEN: Basta sa Bulacan.

*Ibabalik ni Gus ang atensiyon sa mga laro na nasa Family Computer. Maglalaro siya, maririnig ang tunog ng "Elevator Action."*

GUS: Tingin mo papayagan nila tayong pumasyal-pasyal dito pagkatapos ng assignment?

BEN: Mahigpit na ngayon, di na tulad nung dati.

*Katahimikan.*

GUS: Nakakatawa itong laro na 'to o. Bababa yung bida mula sa itaas ng building. Tapos makikipagbarilan siya sa mga kalaban habang bumababa siya sa mga elevator. Gago rin yung bida. Una sa lahat, siguradong wala diyan yung boss ng kalaban, puro goons lang niya ang andiyan. Pangalawa, gago rin siya at bumaba sa mga elevator na maraming goons. E kung ako sa kaniya, pinasabog ko na lang yung building mula sa labas.

*Magbabasa lang si Ben. Magpapalit ng laro si Gus (Megaman games ang reference na ito).*

Ay, alam ko itong laro na 'to. Papatayin mo yung mga boss na robot, tapos pupunta ka sa isang kastilyo. Papatayin mo rin yung maraming mga robot dun, hanggang sa maabot mo yung pinakataas ng kastilyo. Pagkatapos ay papatayin mo yung mad doctor na pinakamalaking boss. Tapos nakakatawa, pag napatay mo na yun, hindi pa pala siya yung doktor talaga, robot lang din siya. Yung tunay na boss ay nakalipad na sa spaceship, di na maaabutan ng bida.

*Sa diyaryo pa rin nakatingin si Ben. Magpapalit uli ng laro si Gus (Super Mario ang reference).*

Ay eto classic. Nalaro mo na ba 'to? Nakakatawa ito. Kasi ang bida ay tubero na kumakain ng mga kabute saka mga bulaklak tapos magliligtas sila ng mga prinsesa na nasa ilalim ng mga tubo ng tubig. Ang gago lang di ba? Pag kumain yung bida ng kabute ay magiging higante siya, pag kumain ng bulaklak ay magkakaroon ng apoy na panira. Tapos tinatapakan niya yung mga kalaban para mamatay. Yung big boss nila dito, kailangan mong tapakan nang maraming beses, hindi tinatablan ng panira na galing sa bulaklak mo. Grabe ang hirap talaga patayin ng dragon na yun.

BEN: Pagong yun.

GUS: Yung alin?
BEN: Yung dragon.
GUS: Pagong yung dragon?
BEN: Pagong yun.
GUS: E bumubuga ng apoy e.
BEN: Pagong yun. May shell sa likod yun, parang yung mga mas maliit na kalaban niya.

*Katahimikan.*

GUS: Tingin ko dragon pa rin.
BEN: Pagong.
GUS: Di, dragon.
BEN: Pagong.
GUS: Parang dragon e...
BEN: (pagalit) Susmaryosep naman. Sinabi nang pagong yan. Ang pangalan niyan ay King Koopah, siya ang hari ng mga Koopa Troopas na nakatira sa Mushroom Land. Una siyang lumabas sa Super Mario games at originally dapat ay baka ang character niya, at sa ibang videogames ay hindi King Koopah ang pangalan niya kundi Bowser. Pag nagdududa ka pa rin e i-GMG mo na lang pagkauwi.
GUS: GMG?
BEN: Google mo gago. (pabulong habang babasahin uli ang diyaryo) lalaro-laro hindi naman kilala yung mga nilalaro, tanga.

*Katahimikan.*

GUS: Di ba sikat yung Bulacan sa paputok? Tingin mo may mabibili tayo kahit lampas na ang bagong taon?
BEN: Pag meron e bibili ako ng superlolo at isasaksak sa bibig mo.
GUS: Ano yun?
BEN: Sabi ko, yung tsaa natin, katapusan na ng mundo e di mo pa nasisimulan.

*Katahimikan. May envelope na isusuot sa ilalim ng pinto sa kanan. Makikita ito ni Gus. Tatayo siya at tatawagin si Ben.*

GUS: Ben.
BEN: Pag ipinilit mo pang dragon yun, sisilaban na kita.

GUS: Ben, tingnan mo yun.
BEN: Ano?
GUS: Ayun o.

*Makikita ni Ben ang envelope.*

BEN: Ano yan?
GUS: Malay ko.
BEN: Ano kaya ang laman niyan?
GUS: Syempre hindi ko alam.

*Nakatitig sila sa envelope.*

BEN: Kunin mo.
GUS: Ha?
BEN: Kunin mo sabi.

*Dahan-dahang kukunin ni Gus ang envelope.*

Ano yan?

GUS: Sobre.
BEN: Alam ko! May nakasulat ba?
GUS: Wala naman.
BEN: Nakasara ba?
GUS: Oo.
BEN: Buksan mo na.
GUS: Ha?
BEN: Buksan mo sabi!

*Bubuksan ni Gus.*

Ano, ano'ng laman?

*May makukuhang mga posporo si Gus.*

GUS: Posporo.
BEN: Posporo?
GUS: Oo.

BEN: Patingin.

*Ipapakita ni Gus ang envelope kay Ben.*

Wala, walang kahit na anong mensahe.

GUS: Ayos din ano, patawa ang gago.
BEN: Sa ilalim pinadaan di ba?
GUS: Oo, malamang.
BEN: O siya, tingnan mo.
GUS: Tingnan ang alin?
BEN: Buksan mo ang pinto at tingnan mo kung may makikita kang tao sa labas.
GUS: Nye, e bakit ako?
BEN: Dali!

*Titingin si Gus kay Ben bago ibulsa ang mga posporo, kukuha siya ng baril mula sa ilalim ng unan niya at lalapit sa kanang pinto, bubuksan niya ito, sisilip at isasara uli.*

GUS: Wala, walang tao.

*Ibabalik ang baril sa pinagkuhaan.*

BEN: Ano'ng nakita mo?
GUS: Ayun, sandamukal na WALA.
BEN: Mabilis sigurong tumakbo kung sinuman yon.

*Kukunin ni Gus ang mga posporo mula sa bulsa.*

GUS: Di bale, magagamit naman natin ito.
BEN: Tama.
GUS: Oo tama.
BEN: Tama, lalo't mahilig kang maglalalabas kahit madilim.
GUS: Oo, di ako mapakali na nakapirmi lang e.
BEN: Ayan, siguradong magagamit mo yan.
GUS: Oo nga.
BEN: Di ba?
GUS: Oo, tama, magagamit natin 'to.
BEN: Talaga?

GUS: Oo.
BEN: Para saan?
GUS: E, kanina wala tayong posporo di ba?
BEN: At eto nga, may posporo na tayo.
GUS: Ay, pwede na tayong magpakulo ng tubig sa takure.
BEN: Very good! Ingatan mo yan, lagi ka pa man ding nauubusan ng posporo pag kailangan. Ilan ba yan?
GUS: Mga dose yata.

*Kakalikutin ni Gus ang tenga niya gamit ang isang posporo, tatapikin ni Ben ang kamay ni Gus.*

BEN: Josko, wag mong sayangin yan. Hala, sige na, sindihan mo na yung kalan.
GUS: Sindihan ang ano?
BEN: Yung kalan kako.
GUS: Baka yung GAS ng kalan.
BEN: Anong gas ng kalan?
GUS: E di ba, yung kalan e gumagamit ng gas? Baka yun ang ibig mong sabihin, sindihan ko ng posporo ang GAS NG KALAN.
BEN: (pagalit) Kapag sinabi kong sindihan mo ang kalan, sindihan mo na lang.
GUS: E di pag sinindihan ko yung kalan e di nasunog na yun, di na tayo makakapagluto.
BEN: E sa ganoon naman talaga ang sinasabi pag magpapaapoy ka ng kalan, "sindihan ang kalan." Common expression kaya yun.
GUS: A talaga? Wala pa akong naririnig na ganun.
BEN: Anong wala?
GUS: Tingin ko nagkamali ka ng dinig sa expression na yun.
BEN: Paanong mali?
GUS: Kasi kung ako yan, ang sasabihin ko talaga ay "sindihan ang gas ng kalan."
BEN: Josko, walang nagsasabi ng ganon!

*Nakatitig ang dalawa sa bawat isa na parang nagkakapikunan.*

Sa buong buhay ko sa mundong ito, wala pa akong kahit sinong narinig na nagsabing sindihan mo na ang gas sa kalan.

GUS: E sa yun ang sinasabi ng nanay ko e.
BEN: Nanay? O bakit biglang may nanay sa usapan? Kailan pa ba kayo nagkasama ng nanay mo?
GUS: Naku, tagal na rin, di ko na nga matandaan, kaka-miss...
BEN: Susmaryosep, e bakit mo binabanggit-banggit ngayon iyang nanay mo ha?

*Titigan pa rin.*

Gus, ako ayoko ng away ha. Gusto ko lang na itama yung mga bagay na hindi maayos.

GUS: Oo pero kasi nga...
BEN: Gus, sino ba ang mas senior sa atin dito?
GUS: Ikaw.
BEN: Ayan. Pinangangalagaan ko lang yung interes mo. Saka gusto ko lang na nasa tama ka palagi.
GUS: Alam ko nga, pero kasi ang pagkakadinig ko talaga...
BEN: (pagalit) Por diyos por santo, walang nagsasabi ng "sindihan ang gas!" Saan ba nakakabit yung punyetang gas na sisindihan na yan?
GUS: Sa kalan?
BEN: (sasakalin si Gus) SA KALAN! SA KALAN! Susmaryosep, tanga.
GUS: (hawak ang leeg) Oo na, tama ka na.

*Katahimikan.*

BEN: O, ano pa'ng hinihintay mo?
GUS: Teka titingnan ko muna kung nagsisindi pa ang mga 'to.
BEN: Ang alin?
GUS: Itong mga posporo.

*Kukunin ang napiping kahon ng posporo sa bulsa.*

Ay ayaw.

*Itatapon sa ilalim ng kama ang kahon ng posporo. Nakatitig lang si Ben kay Gus. Iaangat ni Gus ang paa niya.*

Subukan ko dito ha?

*Nakatingin lang si Ben. Magliliyab ang posporo.*

Ayan, ayos.

BEN: Por diyos por santo, magpakulo na ng tubig, sige na.

*Pupunta si Ben sa kama, lilingon saglit kay Gus bago pumunta si Gus sa direksiyon ng kusina. Ihahagis ni Ben ang diyaryo sa kama niya bago maupo sa higaan, nakasandal ang ulo ni Ben sa dalawa niyang kamay. Papasok si Gus.*

GUS: Umaandar na.
BEN: Ang alin?
GUS: Yung kalan, nabuksan ko na.

*Uupo si Gus sa kama niya.*

Tingin mo, sino kaya yung tatrabahuhin natin mamaya?

*Katahimikan.*

Uy, maiba ako. May gusto sana akong itanong.

BEN: (iaangat ang paa papunta sa kama) Susmaryosep.
GUS: Hindi, seryoso, may gusto lang akong malaman.

*Tatayo si Gus at mauupo sa kama ni Ben.*

BEN: O, bakit ka naman uupo pa sa tabi ko. Saka ano ba'ng nakain mo nitong bakasyon? Nagiging matanong ka masyado.
GUS: Wala.
BEN: Anong wala? E hindi ka naman ganyan kadaldal saka hindi ka rin matanong. Ano ba'ng sumanib sa iyo?
GUS: Wala naman, napapaisip lang.
BEN: Wag ka masyadong mag-isip. May trabaho tayo. Mas mabuti para sa ating dalawa kung tatahimik ka na lang at gawin ang assignment, gaya ng dati.
GUS: Ayun nga ang pinag-iisipan ko ngayon.
BEN: Ang alin?
GUS: Eto. Yung trabaho natin.

BEN: Anong trabaho?
GUS: Baka lang may alam ka pang dagdag na kuwento.

*Nakatingin lang si Ben.*

Baka lang kasi, ano, baka lang alam mo na kung sino yung tatrabahuhin natin.

BEN: Sino ang alin?

Magtitinginan lang ang dalawa.

GUS: Ayun nga, baka kilala mo siya.

*Katahimikan.*

BEN: Sigurado ka bang wala kang problema?
GUS: Oo naman, ayos lang ako.
BEN: O siya, yung tsaa natin.
GUS: Oo, sige.

*Lalabas si Gus. Titingnan siya ni Ben, pagkalipas ng ilang saglit ay kukunin ni Ben ang sarili niyang baril mula sa unan at titingnan kung may laman ito. Papasok uli si Gus.*

*Naubusan tayo ng gas.*

BEN: Josko. Sige di bale na.
GUS: Wala kaya tayong matatawagan para ayusin yun?
BEN: Wala rin naman akong pera para doon.
GUS: Ako nga rin e.
BEN: Antayin na lang natin.
GUS: Ang alin?
BEN: Si Vito.
GUS: Naku, hindi naman laging sumisipot yun e. Minsan lang yun magpakita nang personal. Malabong dumating yun.
BEN: E di tiis-tiis ka na lang muna.
GUS: Sayang naman.
BEN: Inumin mo lahat ng tsaang gusto mo pagkauwi natin. Di naman dapat pinoproblema yan, ano ka ba?

GUS: Mas ayos lang sana kung nakapagtsaa ako bago yung assignment.

*Iaangat ni Ben ang baril, lilinisin ito.*

BEN: Josko, wala na tayong magagawa diyan. Sige maghanda ka na
GUS: Sayang din. Ang mahal naman kasi ng LPG e.

*Dadampot si Gus ng isang pakete ng tsaa at ibabalik ito sa bag niya.*

Pero sana kung dumating siya e may pambili siya ng gas. Tingin ko dapat lang yun. Sa kaniya naman itong lugar na 'to, dapat kabisado niya kung mauubusan na ng LPG ang kalan niya. O kahit sapat na gas lang para sa isang tasa ng tsaa.

BEN: Bakit mo naman sinasabing sa kaniya itong lugar na 'to?
GUS: Bakit, hindi ba?
BEN: Pwede naman kasing nirentahan lang niya 'to. Di naman laging kailangang sa kaniya yung mga lugar na malapit sa assignment natin.
GUS: Hindi, tingin ko talaga sa kaniya ito. Tapos kahit sa kaniya yung lugar, kinukuripot pa rin tayo maski sa kaunting pampakulo ng tubig.

*Mauupo si Gus sa kama.*

Oo, tingin ko kaniya talaga ito. Isipin mo, lahat ng pinuntahan natin parang ganito lang halos. May susi dito, may takure. Laging walang ibang tao. Laging tahimik, di ba buong araw na tayo dito at tayo lang ang nagkakarinigan? Walang kahit na sinong dumarating, bukod syempre dun sa inaabangan natin. Sound-proof kaya yung mga pader nito? Ang hirap tantiyahin. Kahit si Vito, ni hindi man lang nagpapakitang-tao na sumipot nang regular.

BEN: Bakit pa? E andami-daming pinagkakaabalahan nun.
GUS: Alam mo, nahihirapan akong makipag-usap sa kaniya nang maayos. Nasabi ko na ba yun?
BEN: Diretsuhin mo na yung punto mo Gus.
GUS: Wala naman, may ilang mga bagay lang ako na gustong linawin sa kaniya. Pag nakita ko siya, pag nagkaroon ng pagkakataon.

*Katahimikan.*

Lagi ko kasing naiisip yung huli natin.

BEN: Yung huling alin?
GUS: Yung estudyanteng buntis.

*Babasahin ni Ben ang diyaryo. Tatayo si Gus.*

Ilang milyong beses mo nang nabasa ang diyaryong yan a.

*Tatayo si Ben.*

BEN: Por diyos por santo Gus, ano ba kasi ang gusto mong mangyari?
GUS: Wala naman, para kasing buong araw ka nang nakatitig diyan.
BEN: O, ano ang gusto mong palabasin?
GUS: Hindi kasi, parang pag may sinasabi kasi ako.
BEN: Ano, ano? Dalian mo't baka lagyan ko ng bagong butas iyang tenga mo.
GUS: Hindi mo ako nakukuha e, sa tingin ko kasi...
BEN: Susmaryosep ayan o nakatingin na ako sa iyo o, ayan magtinginan na tayo. Diretsuhin mo na!

*Babalik sa kama si Ben.*

GUS: Pinag-iisipan ko lang naman yung estudyante, yun lang naman.

*Mauupo si Gus sa kama.*

Alam ko, di naman siya ganoon kaganda o kapanget, ni hindi ko na nga matandaan ang itsura niya. Pero kasi, ang dumi ng kinalabasan nun e. Iba yata talaga ang katawan ng babae, hindi kasingtigas ng pagkakadikit ng mga piyesang lalake. Buntis pa. Hindi ko mabura sa isip yung dami ng kalat. Yung dumi, iba e.

*Tatayo si Ben, nakapikit, parang naiirita.*

Naisip ko tuloy, sino ang naglilinis ng lahat nun pagkatapos natin, pag wala na tayo? Gusto ko lang maintindihan yun. Sino ang tagalinis? O nililinis ba talaga? Iniiwanan lang kaya nila yun na

ganun-ganun lang, tingin mo Ben? Ilang assignment na nga ba ang nagawa natin? Grabe sa sobrang dami e hindi ko na mabilang. Paano kung lahat ng kalat nating yun e hinayaan lang nilang ganun?

BEN: Ano ka ba Gus, natural may gumagawa nun. Ano ba ang akala mo, na tayo lang ang bahagi ng grupong 'to? May mga galamay sila para sa lahat ng dapat asikasuhin.
GUS: Totoo? May tagalinis ng lahat ng basura natin?
BEN: Susmaryosep.
GUS: Pasensya na ha, hindi ko lang talaga makalimutan yung estudyante, syempre balang araw gusto ko ring....

*Mapuputol ang usapan sa tunog mula sa gitna ng kama, na parang may bumababa. Kukunin ng dalawa ang kanilang baril. Magsesenyasan ang dalawa na siyasatin ang ingay na nasa gitna. Kakatukin ito ni Gus, maya-maya'y bubuksan ni Ben ang takip at makikita ang serving hatch na hinahatak ng mga tali at pulley (dumb waiter). May makukuhang papel si Gus mula sa loob.*

BEN: Ano yan?
GUS: Sige ikaw na ang tumingin.
BEN: Basahin mo na.
GUS: Two Outback Special and Ribs. Oreo Cookies and Cream Waffles. Two teas without sugar.
BEN: Patingin nga niyan.
GUS: Two teas without sugar.
BEN: Hmmm...
GUS: Saan kaya galing yan?
BEN: Hindi ko rin alam.

*Biglang aakyat ang kahon. Magugulat ang dalawa.*

GUS: Sandali! Sandali, di pa luto! Ayos din yung mga yun, nagmamadali.

*Babasahin ni Ben ang papel.*

Ayos yun a. Ben, ang labo lang ng nangyayari ngayon ano? Katuwa, sa mga kainan sa Chinatown lang ako nakakita ng ganyan.

BEN: Siguro nga restaurant ito dati o café. Di naman nakakagulat na may ganyan dito. Baka may café lang sa itaas noon.

GUS: Café?

BEN: Oo.

GUS: Susyal. Siguro kusina nila itong ibaba dati ano?

BEN: Oo. Ganyan naman ang mga ganitong lugar, mabilis magpalit ng management. Isang araw restaurant, kinabukasan café, mamaya hindi mo na alam. Pag nawala na ang saysay sa mga nasa itaas, agad-agad silang tatakas.

GUS: Tingin mo, yung mga dating may-ari nito ay nagsawa na sa lugar kaya tumakas na sila?

BEN: Oo, parang ganoon na nga.

GUS: E sino na ang may-ari nito ngayon?

*Katahimikan.*

BEN: Ano'ng gusto mong palabasin?

GUS: Hindi, wala naman, kasi sabi mo may umalis e, sino ngayon yung pumasok?

BEN: Hmm...siguro depende yan sa kung paano mo...

*Mapuputol ang usapan sa pagbaba ng kahon ng serving hatch. Nakaantabay ang baril ni Ben. Kukunin ni Gus ang papel na manggagaling sa bumabang kahon.*

GUS: New York Style Hotdog. Coffee with muscovado sugar. San Mig Light.

*Katahimikan. Kukunin ni Ben ang papel. Lalapit siya sa serving hatch. Susunod si Gus. Mapapatong ni Gus ang kamay niya kay Ben, magugulat si Ben at sesenyas si Gus na wag silang mag-ingay. Biglang ipapasok ni Gus ang ulo niya sa serving hatch at sisilip sa taas. Magugulat si Ben at agad siyang hahatakin palayo. Babasahin ni Ben ang papel, ihahagis ang baril niya sa kama bago magsalita.*

BEN: Tingin ko dapat may ipadala tayo sa taas.

GUS: Talaga?

BEN: Oo, magpaakyat tayo ng kung ano sa taas.

GUS: Sige, tingnan natin kung sumagot sila pag may binigay tayo.

BEN: Dali, ano pa ba ang meron sa bag mo?

GUS: Wala na masyado e. Teka tanungin ko sila kung may gusto pa sila.

*Tatakbo papunta sa hatch si Gus pero pipigilan siya ni Ben.*

Excuse me po, may gusto pa po ba kayong iba...

BEN: Susmaryosep wag ka ngang gumanyan.

*Babalik si Gus para tingnan ang bag niya.*

GUS: Otap. Chocnut. Kalahating bote ng gatas-kalabaw, yung chocomilk.
BEN: Yan na lahat?
GUS: Tsaa.
BEN: Mabuti. Pwede na yan.
GUS: Ayokong 'bigay yung tsaa ko 'no. Atin yun e.
BEN: Wala namang gas dito. Maliban na lang kung kaya mong pakuluin ang tubig gamit ang mga mata mo.
GUS: Baka lang may tao sa taas na makakababa pa dito.
BEN: Wala na yan. Ano pa ang meron diyan?
GUS: Teka, ano, eto..isang slice ng Mer-Nel's.
BEN: Mer-nel's? Taga-Los Baños ka ba?
GUS: Sa Bae, pero pag nagtatanong ang mga tao e Los Baños na ang sinasabi ko para mas kilala.
BEN: Di ka nagsabi agad na may Mer-Nel's ka pala.
GUS: Di ko ba nabanggit?
BEN: Sana nagpabili na ako ng isang buo.
GUS: Akala ko kasi yung mga gusto mo e yung susyalin, yung mga Estrel's ganun.
BEN: Di bale, di naman din tamang mag-akyat tayo ng isang slice lang na cake.
GUS: Bakit naman?
BEN: Kumuha ka na lang ng plato dun.
GUS: Sige.

*Pupunta si Gus sa may kusina. Hihinto siya bago tuluyang makapunta doon.*

Ibig bang sabihin akin na lang yung Mer-Nel's ko?

BEN: Paanong sa iyo na lang?
GUS: E kasi, di ba hindi naman nila alam na may cake tayong dala, e di atin na lang.

BEN: E di naman porke di nila alam e itatago na natin sa kanila.
GUS: Akin na lang please. Sige na...
BEN: Kunin mo na yung plato.

*Lalabas si Gus, hahalungkatin pa ni Ben ang bag ni Gus. May ilalabas siyang supot ng chicharon.*

Susmaryosep—LITO LAPID'S CHICHARON.

*Papasok si Gus na may hawak na plato.*

Ano'ng ibig sabihin nito?

GUS: Ha?
BEN: Wag kang magmaang-maangan. Alam mong paborito ko 'tong Lito Lapid's Chicharon.
GUS: Saan mo ba nakuha yan?
BEN: Isa kang masamang tao. Manloloko. Maitim ang budhi.
GUS: Uy hindi naman, sorry na, alam mo namang paborito ko rin yan lalo't kasabay ng malamig na San Mig.
BEN: Wala namang San Mig dito.
GUS: Kaya nga, inaantay ko lang magkaroon tapos, surprise! Hati tayo.
BEN: Basta, hinding-hindi ko 'to makakalimutan. O siya, ilagay na natin sa plato 'tong mga 'to.

*Ilalagay nila ang mga pagkain sa plato pero aakyat agad ang serving hatch bago pa nila maipasok ang naipong pagkain.*

Sandali, teka lang!

GUS: Ay, umakyat na siya.
BEN: Kasalanan mo'ng lahat. Ang bagal mo kasi.
GUS: E paano na?
BEN: E di aabangan natin hanggang bumaba uli.

*Ibababa ni Ben ang plato, isusuot niya ang gun holster, magsusuot ng tie.*

O siya, mag-ayos-ayos ka na rin.

*Maghahanda na rin si Gus.*

GUS: Huy Ben?
BEN: Ano?
GUS: Ano na nga ba'ng nangyayari?

*Katahimikan.*

BEN: Ano'ng ibig mong sabihin?
GUS: Wala naman, tingin ko kasi ang labong maging café ng lugar na 'to.
BEN: Café nga. Dati. O restaurant. Parang ganon.
GUS: Labo, nakita mo na ba yung kalan natin?
BEN: O, ano naman?
GUS: Tatatlo lang yung salangan.
BEN: O tapos?
GUS: Ewan ko, tingin ko lang ha, pero magpapa-restaurant ka tapos kung makaorder pa ang mga tao sa taas e akala mo wala nang bukas, tapos tatatlo lang ang lutuan ng kalan mo. Ang labo nun kaya.
BEN: (iritado) E kaya nga siguro laging nagpapalit ng management, dahil hindi nila naisip yun. Pero ikaw, wow ang talino mo. Susmaryosep, mabuhay ka. (papalakpak)

*Aalisin ni Ben ang suot na crucifix/rosary, aayus-ayusin, isusuot uli.*

GUS: Pero paano kaya yun? Paano pag wala na tayo dito? Taas-baba yung mga order tapos walang mag-aakyat? Sino yung tumatao dito dati? Siguro, ilang taon nang ganito dito.

*Papagpagin ni Ben ang jacket niya.*

Paano pag nawala na tayo?

*Isusuot ni Ben ang jacket niya.*

Baka magsara sila ano? Baka magpalit uli ng management sa taas.

*Bababa uli ang kahon. Tatalikod sila, lalapit si Gus at kukunin ang papel sa hatch.*

Lobster Thermidor. Osetra Caviar. Flounder "Le Cirque." Champagne.

BEN: Ano raw uli?
GUS: Lobster Thermidor. Osetra Caviar. Flounder "Le Cirque." Champagne.
BEN: Susmaryosep, susyalin yun a.
GUS: (pa-coño) I know mehn, so high class like that. Gosh.
BEN: Loko, o siya, yung mga pagkain, lagay na bago pa 'to umakyat.

*Ilalagay ni Gus ang plato sa hatch.*

GUS: (pasigaw sa kahon) One pack Conching's Otap! One Celestial flavored tea! One slice Mer-Nel's Chocolate Cake! One piece Chocnut. One bag Chicharon.
BEN: LITO LAPID'S CHICHARON.
GUS: Lito Lapid's Chicharon!
BEN: (habang inaabot ang gatas) One bottle of carabao chocomilk.
GUS: One bottle carabao chocomilk. Half a pint. DTRI (pronounced "di-tri," na isang opisina/ facility sa UP Los Banos).

*Aakyat ang kahon.*

Ayos, sakto.

BEN: Wag ka namang sumigaw-sigaw na ganon.
GUS: Bakit naman?
BEN: Baka mapigtasan ka ng ugat sa ulo kakasigaw, e hindi pa tapos ang assignment.

*Mahihiga si Ben sa kama.*

Mabuti't mukhang hindi muna tayo iistorbohin ng mga order-order na yan.

GUS: Tingin mo, ayos na sila?
BEN: Magbihis ka na. Malapit na tayo.

*Mag-aayos-ayos ng sarili si Gus. Nakahiga si Ben at nakatingin sa kisame.*

GUS: Ayos din ‘tong lugar na ‘to ano? Lahat wala. Tsaa, pagkain, LPG, wala.
BEN: Hayaan mo na. Pag kain nang kain, tumataba. Ang mga mataba, tamad. Gusto mo bang maging mataba’t tamad?
GUS: Ako, tatamarin?
BEN: Oo, ngayon nga nakakatamad ka nang tingnan e.
GUS: Huy hindi naman.
BEN: Sige nga, kailan ka huling naglinis ng baril mo? Ni hindi mo nga nasilip kung may bala pa yan e. Nakakahiya.

*Ipapahid ni Gus ang baril sa kobrekama. Kukuha ng pocket mirror si Ben at mananalamin.*

GUS: Siguro naman may cook sila dito ano? Asan kaya siya? Mahina na siguro ang tatlong cook kung ganoon karami ang hinihingi sa taas. Ay, baka may mga kalan pa sa ibang kuwarto, baka doon sa kabila...
BEN: Josko, syempre meron yan. Yung Outback Special pa lang at yung Oreo Waffle, di na kaya ng isang gas stove lang.
GUS: Siguro dalawa, kaya na yun ano?
BEN: Tatlo, saka kailangan may oven at stove top grill din...pero hindi yun ang punto. Kaunting focus naman, Gus.
GUS: Tatlong gas stove ano? Pwede, pwede nga.

*Ilalagay ang baril sa holster.*

Sana makaalis na tayo dito.

*Isusuot ang jacket.*

Bakit kaya di pa rin tayo kinokontak? Nagkapamilya na lahat ng bulate sa tiyan ko e, naka-graduate na nga ng college yung mga anak nila sa tagal. (kukunin ang baril, titingnan) Di naman sa nagrereklamo, pero di ba lagi naman niya tayong maaasahan? Noong isang gabi lang, kahit na ayokong ipasok yung ano dun sa kuwan tapos nabiyak na nga yung ano, walang reklamo. Reliable naman tayo di ba?

*Ibabalik ang baril sa holster.*

Hay, sana matapos na 'to.

*Papagpagin ang jacket.*

Sana, kung sino man yung target, sana hindi siya marunong ng kung fu ano? Medyo masama ang pakiramdam ko kasi, sinisinat yata. Di ko lang kaya ng marami-raming aksiyon ngayon.

*Katahimikan. Bababa ang kahon. Tatayo si Ben. Lalapit si Gus para kunin ang papel na nasa kahon.*

Tortilla Chips, tilapya, guacamole and salsa, CDO Carne Norte, Slenda sweetener.

BEN: Guacamole?
GUS: Oo, yun daw.
BEN: Susmaryosep.
GUS: Oo nga, ang labo lang.

Sisilipin ang kahon, naroon ang pakete ng tsaa.

Uy, binalik nila yung tsaa.

BEN: A talaga? Bakit kaya?
GUS: Siguro nakapag-tea time na sila kanina pa.

Aakyat muli ang kahon. Katahimikan.

BEN: (itatapon ang tsaa sa kama) Dali, sabihan natin sila.
GUS: Ano'ng sasabihin?
BEN: Na di natin kaya yung mga order nila. Na wala tayong mga ganon.
GUS: A, ayos, sige.
BEN: Amina yung ballpen mo, sulatan natin.

Mapapansin ni Gus ang speaking tube bago makita ang ballpen.

GUS: Uy, ano 'to?
BEN: Ang alin?
GUS: Eto o.

BEN: Eto? A, oo nga, speaking tube ito.
GUS: Kanina pa ba yan andiyan?
BEN: Susmaryosep, dapat kanina pa natin napansin 'to. Kesa nagsisigaw ka pa kanina.
GUS: Ayos a, di ko agad napansin.
BEN: O siya, hala, salita na.
GUS: Paano ba 'to?
BEN: Nakita mo 'to? Ayan, pito yan.
GUS: Eto?
BEN: Oo, sige hugutin mo yan.

*Huhugutin ni Gus ang pito.*

Ayan, tama yan.

GUS: Tapos?
BEN: Hipan mo.
GUS: Hipan ko?
BEN: Oo. Tutunog yan sa kabilang dulo pag hinipan mo. Tapos, pakikinggan ka nila. Sige hipan mo.

Hihipan ni Gus ang tubo. Katahimikan.

GUS: (nakalapit ang speaking tube sa bibig) Wala naman akong marinig.
BEN: Magsalita ka kasi, dali.

Titingin muna si Gus kay Ben bago magsalita.

GUS: Hello po. Wala pong kuwenta yung kusina ninyo.
BEN: Por diyos por santo amina nga yan.

*Aagawin ni Ben ang tube.*

Magandang gabi po, pasensiya na ho sa abala. Ipapaalam lang po namin na wala na po kaming pagkain dito, wala na po kaming pwedeng iakyat. Nasa inyo na po ang lahat, wala na po rito. God bless po.

*Magpapalit-palit ng lapit sa bibig at tenga si ben na parang nakikinig sa instructions mula sa itaas.*

Ano po yon? Opo, ano po? Wala na po, nariyan na po lahat. Ay, ganoon po ba? Naku pasensiya na po.

*Ire-relay ang naririnig kay Gus.*

Nilalanggam na raw ang Mer-Nel's.
Durog na ang Chocnut.
Maasim na ang chocomilk.

GUS: Yung Lito Lapid's Chicharon, ano raw?
BEN: Makunat na ang otap.

*Titingin kay Gus habang nakikinig.*

Opo, pasensya na po. Ano po? Ano po uli? Ganon po ba? Sige po. Opo, gagawin na po namin ngayon.

*Mag-aabang pa ng sasabihin sa may tenga si Ben pero wala na kaya isasabit na uli ang speaking tube.*

(masaya) Gus! Alam mo ba kung ano ang sinabi niya?

GUS: Ano raw?
BEN: Ang sabi niya, "SINDIHAN MO NA ANG KALAN." Hindi, "sindihan mo ang gas sa kalan," kundi "sindihan ang kalan."
GUS: E paano natin sisindihan ang kalan?
BEN: Ha?
GUS: E wala ngang gas.
BEN: Aysusmaryosep oo nga (tatapikin ng kamay ang noo). Paano na kaya?
GUS: Bakit daw kasi pinapabuksan yung kalan?
BEN: Syempre para sa tsaa. Isang tasa ng tsaa raw.
GUS: Ay, ang labo naman nun. Siya lang ang pwedeng magtsaa? Paano ako? Buong gabi na akong naghahanap ng tsaa!
BEN: Paano na kaya 'to?
GUS: Ewan ko, paano na tayo? Bawal ba tayong uminom?

*Mauupo si Ben habang nakatingin kay Gus.*

Paano naman tayo?

*Nakaupo pa rin si Ben.*

Nauuhaw naman din ako ano. Nagugutom din, kanina pa. Tapos siya, kung makahingi ng tsaa ganon-ganon lang. Labo naman nun.

*Mauupo si Gus.*

Binigay na nga natin lahat, di pa rin siya masaya. Bakit mo ba kasi inakyat lahat ng baon natin. Ako rin, bakit ba ako pumayag? Ang gago ko lang.

*Katahimikan.*

Baka mamaya, andami-dami naman pala nilang pagkain doon sa taas. Tingnan mo, nanghingi ba sila ng salad? Wala! Siguro lumalangoy sila sa dagat-dagatang salad sa taas. Siguro andun lahat. Olives. Letsugas. Pipino. Cold cuts.

*Katahimikan.*

Nilagang itlog. Keso. Prutas.

*Katahimikan.*

Lahat-lahat siguro andun na. Siguro nga naliligo na rin sila sa San Mig light doon, o Red Horse, lahat ng klase ng beer. Sarap sanang kainin nung chicharon kasama ng malamig na bote ng serbesa. Tingnan mo, ni walang sinabi tungkol sa Lito Lapid's chicharon natin. Pag okey sa kanila, walang sala-salamat, pero kung makareklamo parang wala nang bukas. Saka mukha ba silang maghihintay lang sa taas para magutom, syempre hindi! Labo, baka pinagtitripan lang niya tayo, tingin ko ganon talaga.

*Katahimikan.*

Ayos na ayos na sila siguro dun.

*Katahimikan.*

Tapos aagawin pa nila yung tsaa ko.

*Katahimikan.*

Ako, ewan ko ha. Palabiro akong tao pero medyo nakakapikon na 'to.

*Titingin kay Ben.*

Ikaw ba Ben, ayos ka lang ba? Medyo maputla ka yata. Ako nga rin, medyo sinisikmura na talaga.

*Tatayo si Ben.*

BEN: (mahinang boses) Malapit na tayo.
GUS: Oo nga e. Ayoko pa man ding magtrabaho nang gutom.
BEN: Wag ka na munang magreklamo diyan. Eto, bibigay ko na sa iyo yung instructions sa assignment.

*Mauupo si Gus sa tabi ni Ben. Kapag sinabi ni Ben ay uulitin lang ni Gus.*

Pag kinontak na tayo, tatayo ka't magtatago sa likod ng pinto.

GUS: Ayos, magtatago sa may pinto.
BEN: Pag may kumatok, hindi ka sasagot.
GUS: Pag may kumatok, hindi sasagot, ayos.
BEN: Pero walang kakatok.
GUS: Kaya walang sasagot.
BEN: Pag pumasok na siya.
GUS: Pag pumasok na siya.
BEN: Isasara mo ang pinto.
GUS: Isasara ko ang pinto.
BEN: Pero mahina't dahan-dahan.
GUS: Pero mahina't dahan-dahan.
BEN: Makikita niya ako at lalapit siya.
GUS: Makikita ka niya at lalapit siya.
BEN: Pero ikaw hindi niya makikita?

GUS: Ay talaga?
BEN: Hindi ka niya makikita.
GUS: Hindi niya ako makikita.
BEN: Pero makikita niya ako.
GUS: Pero makikita ka niya.
BEN: Di niya malalaman na andun ka.
GUS: Di niya malalaman na andun ka.
BEN: Di niya malalaman na andun KA.
GUS: Di niya malalaman na andun AKO.
BEN: Kukunin ko ang baril ko.
GUS: Kukunin mo ang baril mo.
BEN: Matitigilan siya.
GUS: Matitigilan siya.
BEN: Pag lumingon siya.
GUS: Pag lumingon siya...
BEN: Andun ka.
GUS: Andito ako.

*Mapapatapik sa noo si Ben sa inis.*

Uy Ben, may nakalimutan ka.

BEN: Ano yun?
GUS: Dun sa instruction, hindi ako bumunot ng baril ko.
BEN: Josko, sige. Bubunutin mo ang baril mo.
GUS: Pagkasara ko nang pinto.
BEN: Na mabagal at dahan-dahan.
GUS: Mabagal. Dahan-dahan.
BEN: Pagkasara ng pinto...
GUS: Ngayon mo lang pala nakalimutan yung pagbunot ko ng baril, napansin mo yun?
BEN: Pag lumingon siya't nakita ka niya...
GUS: Ako na asa likod niya.
BEN: At ako na nasa harap niya...
GUS: Ikaw sa harap niya...
BEN: Kakabahan siya...
GUS: Papawisan nang malamig.
BEN: Di niya alam kung ano ang dapat gawin.

GUS: E ano'ng gagawin niya?
BEN: Titingin siya sa akin, at titingin din siya sa iyo.
GUS: Hindi tayo iimik.
BEN: Titingin siya sa atin.
GUS: At titingin din tayo sa kaniya.
BEN: Pero, walang iimik.

*Katahimikan.*

GUS: Paano kung estudyanteng buntis uli?
BEN: Ganon pa rin.
GUS: Ganong-ganon?
BEN: Ganong-ganon.

*Katahimikan.*

GUS: Hindi natin iibahin kahit na kaunti?
BEN: Eksaktong-eksakto.
GUS: Ay.

*Tatayo si Gus, parang kinilabutan.*

Banyo lang saglit.

*Lalabas si Gus. Nakaupo lang si Ben sa kama. Tutunog ang flush, pero walang tubig na maririnig kundi kadena lang, gaya sa unang bahagi. Babalik si Gus na mukhang balisa, pabalik-balik sa kama at palapit kay Ben.*

Bakit kaya pinadalhan pa tayo ng posporo kung wala naman tayong gas?

*Katahimikan. Lilipat si Gus sa kabilang gilid ni Ben, na ang dating ay iparinig ang sinasabi sa kabilang tenga.*

Ben. Bakit pa tayo inabutan ng posporo e ubos na yung LPG?

*Titingala si Ben.*

Bakit niya gagawin yun? Ang labo e.

BEN: Sino ba kasi ang tinutukoy mo?
GUS: Sino ba kasi ang nagpadala nung posporo.
BEN: Susmaryosep, ano ba'ng gusto mong palabasin?

*Nakatingin lang si Gus.*

GUS: Sino ba yung nasa itaas?
BEN: (kabado) Ano naman ang koneksyon ng posporo sa mga nasa itaas?
GUS: Pero sino nga yung nasa itaas?
BEN: Bakit kailangang may koneksiyon lahat sa iyo?

*Kukunin ni Ben ang diyaryo.*

GUS: Ben sagutin mo yung tanong ko.
BEN: Tama na.
GUS: (pagalit) A ang labo naman paulit-ulit na tayo e, natanong ko na 'to kanina. Sino ang pumalit doon sa umalis? Tinanong kita. Sabi mo di ba, yung mga dating may-ari ay umalis na. E sino yung pumalit?
BEN: Tigilan mo 'ko.
GUS: Di ba tinanong na kita, paulit-ulit na nga ako e, di ba tinanong kita?
BEN: (tatayo) Tumigil ka na.
GUS: (mas galit) Pero tinanong na nga kita e, di ba? Sino ang may-ari ng lugar na 'to? Sino? Tinanong na kita kanina pa.

*Tatabigin ni Ben ang balikat ni Gus.*

Sino ang nagpapatakbo ng lugar na 'to?

*Tatabigin ni Ben ang balikat ni Gus.*

Bakit ba niya tayo pinaglalaruan? Yun lang naman ang gusto kong malaman? Para pa saan 'tong mga laro-laro na 'to?

BEN: Anong laro-laro?
GUS: Eto! Etong ginagawa niya sa atin? Di ba dumaan naman na tayo sa maraming proseso? Sa maraming pagsubok ng katapatan. Ilang taon na tayong nagsisilbi para sa kanila, ilang taon na tayong

magkasama sa lahat ng dumi. Napatunayan na natin ang sarili natin. Laging natatapos ang trabaho. Laging malinis kahit marumi. Ang labo lang. Napatunayan na natin ang sarili natin, para saan 'tong mga laro-laro na 'to?

*Bababa ang serving hatch, na may kasabay na matinis na tunog ng pito. Babasahin ni Gus ang bagong note na nasa papel.*

Lechon de leche! Leche!

*Pipitpitin ni Gus ang papel, kukunin ang pito at speaking tube, hihipan ito at magsasalita.*

Wala na kaming natira! Kinuha nyo na'ng lahat! Nakuha ba ninyo? Lahat!

*Hahatakin ni Ben palayo si Gus. Kakabugin ni Ben si Gus sa dibdib.*

BEN: Por diyos por santo tama na! Nagmumukha ka nang baliw niyan!
GUS: E ang labo naman kasi nila, nakita mo naman di ba?
BEN: Tama na, tigilan mo na yan!

*Katahimikan. Ibabalik ni Ben ang tube. Mahihiga siya sa kama niya. Kukunin niya ang diyaryo at magbabasa. Si Gus ay babalik sa kama niya, titingnan ang ilan pang computer game. Katahimikan.*

GUS: Nakakatawa itong laro na 'to. Paglalabanin mo lang yung mga mandirigma mula sa iba't ibang bansa. Lahat andito. May tumitira ng fireball, may uma-uppercut, may fuma-flash kick. Nakakatawa, akala mo iba-iba sila, pero ang totoo, iisa lang halos ang controls. Down forward punch, may lalabas na panira. Down back kick, special move gamit ang paa. Forward down punch, special move gamit ang kamay. Iba-iba lang ang itsura kunwari, pero pare-pareho lang sila. (Street Fighter reference)

*Nagbabasa pa rin ng dyaryo si Ben. Magpapalit ng laro si Gus.*

Up-up-down-down-left-right-left-right-B-A-B-A-Select-Start. Ayos. Katuwa 'tong laro na ito o, dalawang sundalo na kamukha ni Rambo

saka Terminator, baril nang baril sa mga kalaban, akyat nang akyat sa mga bundok para pumatay ng alien. Nakakatawa, may secret code pa para magkaroon ng thirty two lives. E sa totoong buhay, pag nabaril ka, wala, tiklo na. (Super Contra reference)

*Nagbabasa ng diyaryo si Ben. Ihahampas na parang may nabasang bagong balita.*

BEN: Ay susmaryosep! Tingnan mo 'to!

*Lalapit si Gus.*

Eto tingnan mo, ay josko! Akalain mo yan?

*Katahimikan.*

Por diyos por santo, akalain mo yon?

GUS: Sige lang, basahin mo pa dali.
BEN: Totoo raw o!
GUS: Hindi nga.
BEN: Nakasulat dito e, dapat totoo.
GUS: Tingin mo?
BEN: Malamang.
GUS: Pambihira.
BEN: Nakakasuka lang ano?
GUS: Grabe.

*Iiling-iling si Ben. Bibitawan ang diyaryo, aayusin ang baril na nasa holster. Tatayo si Gus at pupunta sa pinto sa kaliwa.*

BEN: O, saan ang punta mo?
GUS: Iinom lang ng tubig.

*Lalabas si Gus papunta sa pinto sa kaliwa. Aayusin ni Ben ang damit niya. Maririnig ang pito ng speaking tube. Lalapit siya sa serving hatch at kukunin ang tube.*

BEN: Opo. Ako po ito. Sige po, (parang may ililistang numero sa kamay), opo sa ilalim ng kama.

*Ibababa ni Ben ang speaking tube. Pupunta siya sa ilalim ng kama niya, may makukuha siyang cellphone sa ilalim. Kukunin at babasahin ang mga numero sa kamay, ida-dial ito sa cellphone.*

Hello, magandang gabi...opo, ako po yung...opo, syempre alam na po ninyo. Handa na po tayo. Anytime. Sige po.

*Papatayin ang telepono.*

Gus!

*Kukuha si Ben ng suklay para ayusin ang buhok. Aayusin ang jacket para mas maitago ang umbok ng baril. Maririnig ang flush sa kaliwa, magmamadaling lumapit si Ben sa bahaging iyon.*

*Bigla-biglaang bubukas ang pinto sa kanan. Lilingon si Ben, nakatutok na ang baril sa may pinto.*

*Biglang maitutulak papasok si Gus, wala na ang kaniyang jacket at holster. Matitigilan siya, nakatungo, kamay sa gilid.*

*Titingala siya't makakatinginan si Ben. Mahabang katahimikan habang nakatitig sila sa bawat isa. Magdidilim ang entablado.*

Ang Laro sa / Ang Laro ng Elevator Action
Ilang tala ni Vladimeir Gonzales

Isang personal na pagsingit: Sa sariling pagsusulat, may ilan akong mga non-negotiable goal—1. Makapagpasok ng isang wirdo o bastos o politically incorrect na salita o pahayag na magiging suwabe ang delivery; 2. Makapagtawid ng advocacy (madalas ay nasa linya ng class at sexual politics); 3. Makabuo ng tekstong kapag binasa, malungkot man o nakakatakot o kung anuman ang ipinapaksa, ay mukhang pinagkatuwaan ko namang gawin, yung naging masaya at nag-enjoy ako sa pagsusulat nito.

Na-excite ako sa pag-adapt ng The Dumb Waiter dahil agad na pumasok sa isip ko ang videogame na Elevator Action. Isa itong medyo obscure na laro sa Pilipinas, pero isa ito sa mga unang laro na naranasan ko sa pakikipaglaro sa Family Computer ng pinsan namin. Importanteng detalye ito, pagkat nabuhay ako sa panahon at pamilya na ang pagbili ng mumurahing Family Computer—yung hindi original na Nintendo Entertainment System—ay sobra-sobrang nakakabawas sa resources ng pamilya. Kailangang makuntento sa pakikinood (at minsang pakikilaro) sa mga pinsang medyo mas nakapag-ipon para makabili nito. Simple lang ang laro, mula sa taas ng building ay unti-unting bababa ang bida sa maraming mga hagdan at elevator, habang umiiwas sa baril ng pagkarami-raming goon. Mas lumalalim, mas humihirap. Kahit sa ganoong peg pa lang—lalim = komplikasyon—andami-dami nang naitatawid ng larong iyon. Pero siyempre, pag bata ka, hindi naman agad-agad maiisip na ganoon nga siya, na ganoon ang eskema ng laro.

Nagtuturo ako ng mga videogame sa klase namin sa Panitikan ng Pilipinas 17, o Panitikan at Kulturang Popular. Bakit aaralin ang mga videogame na kasabay ng tula, kuwento, at dula? Ang pangunahing lakas ng mga videogame sa aspektong ito ay ang kaniyang interaktibong anyo. Mas may benta ang tekstong kilala ang kaniyang audience, nire-recognize na andiyan sila, iniintindi at ina-accommodate ang kanilang pangangailangan. Laging sinasabi ng mga nag-aaral at nagtuturo ng mga videogame, nakakita ka na ba ng isang game developer na sinabing “wala akong paki kung hindi laruin ng tao ang game ko, basta’t nakatawid ako ng message ko.” Mas nangyayari ito sa mga literary text kaysa sa isang tekstong binibigyan ng label na “laro.”

Sa ganitong operasyon ba umaandar ang dulang Elevator Action? O sa madaling sabi, nakadisenyo ba ang dula na maging interactive, na kakausapin ang audience, kukumustahin kung okay ba sila, kung nagugustuhan o naiintindihan ba nila ang mensahe ng dula, habang itinatanghal ito? Hindi. Imbes na ganito, mas pinili kong gamitin ang mga katangian ng laro sa isang metaporikal na lebel. Inilahok ko ang mga katangian ng videogame na swak mula sa orihinal na dula ni Pinter. Ang konsepto ng laro ng mga salita mula sa orihinal ay hinaluan ng laro sa isang videogame platform.

Nakilala ko ang piyesa noong lumapit sina Stephen Vinas at Allen Diansuy, mga graduating na estudyante ng Certificate in Theater Arts sa Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Diliman, at ipinabasa ang kopya ng dula ni Pinter para sa kanilang Theater 198 o tesis sa kursong sertipiko. Rekomendasyon ng kanilang tagapayong Dexter M. Santos na maisalin sa Filipino ang dula. Naging magkatrabaho na kami ni Santos sa mga palabas at produksiyon sa loob ng UP, ang pinakahuling produksiyon sa puntong iyon ay ang Rizal X ng Dulaang UP. Disyembre 2011 ipinabasa sa akin ang dula.

Binasa ko ang dula at naging interesado sa imahen ng paghihintay ng dalawang bidang sina Gus at Ben, mga hired gun sa dula. Si Ben ang mas matanda, mas may karanasan, at mas tahimik. Si Gus ang mas bata, mas bago, mas matanong. Natuwa ako sa kaabsurduhan ng premise, ang pag-aabang sa isang hudyat na nariyan na ang dapat patayin. Mas mainam kung walang tanong-tanong, basta maghintay. Sa proseso ng paghihintay, nailalatag ang mga nakaraang misyon. Naihahayag ni Gus kay Ben ang kaniyang maliliit na reklamo at tanong, ang bakas ng kaniyang pagiging tao. Naiirita si Ben dahil dito. Para kay Ben, ang misyon ay misyon. Bawal maging tao, dahil sila ay binayaran para maging tau-tauhan.

Isang simpleng kontekstuwal na salin ang orihinal na intensyon ko. Papanatiliin ang eksena sa ilalim ng isang basement, ang sirang flush, ang dalawang assassin, ang maliit na elevator na biglang susulpot at manghihingi ng mga pagkaing hindi naman kayang ihanda ng dalawang bida. Naging mitsa sa pag-iisip na imbes na salin ay adaptasyon ang isagawa noong dumating ako sa punto ng pagsasalin sa isang eksenang may terminolohiya ng at mga reference sa soccer. Doon ko naisip na baka dated o alien ang piyesa (dahil sa

personal na antas ay nae-alienate ako sa mga football reference na nababasa ko) at baka kailangang mag-isip ng paraan para magkaroon ng koneksiyon sa isang audience na nakabase sa Pilipinas, sa panahong Internet at mabilisang mga koneksiyon na ang mabenta sa karamihan. Doon ko naisip ang mga game, ang mga videogame.

Inalis ko ang eksena ng pagbanggit sa soccer, at naglagay ng lumang Family Computer sa basement nina Ben at Gus. Ang basement ay nasa isang lokasyon sa Bulacan, lugar na naging kilala sa maraming extra-judicial killing lalo sa panahon nina Gloria Macapagal-Arroyo at Jovito Palparan. Katulad ng diyaryo na lunsaran ng mga saloobin nina Ben at Gus, ginamit kong pantulong ang paglalaro ni Gus ng mga videogame sa dula para maipakita ang unti-unting pag-iiba nila ni Ben ng kamalayan kaugnay ng sitwasyon. Sa mga laro sa Family Computer naipalalabas ni Gus ang pagkilala na pinaglalaruan sila, na may mas malaking mekanismong nagpapakilos sa kanila, na maaari silang mawalang gaya ng mga assignment nila, na totoo ang mga balita sa diyaryo, na maaari silang maging balita sa diyaryo anumang araw. O mas malamang na hindi, dahil sa bawat dumi, laging may tagalinis. Unti-unting nalalaman ni Gus ang isang bagay na parang alam naman na ni Ben, alam pero tinanggap na—na hindi na lang ito simpleng laro. At sa kabilang banda, gaya ng kulturang Pinoy na pagdating sa mga videogame, may mga aktuwal na naglalaro at may mga nanonood lang ng laro, nababaliw/nasusuklam si Gus na wala siyang ibang magawa kundi ang tumunganga at ang abangan ang mga kasunod na eksena.
At naglatag-latag na lang ang mga detalye sa plano. Ang mga balita sa diyaryo ay hango sa mga pangyayaring naganap sa Pilipinas. Binigyan ng pagkatao si Gus, isang pagkataong pamilyar, isang lalaking nakatira sa Bae sa Laguna, mahilig sa Mer-Nel's at tsaa at serbesa. Ang mga pagkain sa serving hatch ay mga pagkaing nakaugnay sa mga may-ari ng malakihang korporasyon (San Miguel, halimbawa), o sa mga lugar na kinainan nina Arroyo at Pnoy (Benigno S. Aquino III), o paboritong ulam ni Barrack Obama. Pinanatili ang pagkadahop sa teknolohiya pero may pagbanggit sa Internet, at sa huling bahagi ay may cellphone na magagamit si Ben—patunay na sinadya ang pagiging dahop nila, sinadya silang gutumin at paghintayin at pahirapan. Sa nabuong disenyo, naisip kong napagtahi ko ang mga orihinal na plano. Mag-localize ng isang dayuhang piyesa sa isang karanasang Pinoy na Pinoy. Maglatag ng mga pananaw hinggil sa mga panlipunang realidad na mahirap talikuran o dapat harapin. Makabuo

ng isang palabas na tahimik at maingay nang sabay, habang nananatiling may paggalang sa mga orihinal na plano ng orihinal na teksto.

Naisaentablado ang Elevator Action noong 31 Mayo hanggang 2 Hunyo 2012 sa ilalim ng Dulaang Laboratoryo. Masuwerte rin ako't tinanggap ni Santos ang bersiyon ko ng The Dumb Waiter nang walang anumang pagrerebisa. Tinulungan kami ni Joey Ting para sa direksiyon, at nakatulong ang kaniyang paghiraya sa espasyo at overall spectacle ng produksiyon para mapatingkad ang mga nais itawid ng adaptasyon (nakikinood at nakikiabang din ang audience habang lumiliit at umiingay ang mundo nina Ben at Gus, at wala silang ibang interaksiyon maliban sa ang mag-abang, gaya ng mga bida). Binigyan nila ako ng pagkakataong magbahagi ng aking mga nabasa at napakinggang kuwento tungkol sa mga extra-judicial killing at mga enforced disappearance. Masuwerte ako dahil bukod kina Vinas at Diansuy, ang mga aktor sa tesis-produksiyong ito, naging katrabaho rin namin ang mga incoming na freshman ng Certificate in Theater Arts sa UP Diliman. Natuwa sila sa paglahok ng mga videogame at nagkaroon din sila ng pagkakataong makilala ang mga advocacy na malapit sa akin. Naka-relate sila, kaya naging makabuluhan at masayang karanasan para sa kanila ang paglahok sa produksiyon. Sa totoo lang, kung may ikinalulungkot ako sa buong proyekto, iyon ay ang pagiging maiksi ng mga show date at dahil doon ay hindi nakanood ang mga taong gusto ko pa sanang makapanood nito. Importanteng yugto ang Elevator Action sa aking buhay bilang manunulat, na sa ngayon ay nakikilala na rin sa ilang mga kaibigan sa teatro para sa mga gawaing may kaugnayan sa pagsasalin at adaptasyon.